



GRAYMONT

Supplier Code of Conduct

Huling Na-update noong 2025



Code Code of Conduct ng Supplier

Panimula

Sa Graymont, nakatuon tayo sa pagsasama ng pagpapanatili ng ekonomiya, lipunan, at kapaligiran sa lahat ng ating aktibidad. Sa pamamagitan ng pagpapalago ng mga sama-samang pagpapahalaga sa etika, pagpapanatili, at pagsunod, nilalayon nating bumuo ng mga pangmatagalan at nakabatay sa tiwala na partnership.

Inaasahan namin ang aming mga empleyado at supplier na kumilos alinsunod sa pinakamataas na pamantayang etikal at legal.

Nililinaw ng Code of Conduct ng Supplier na ito ang mga inaasahan ng Graymont para sa lahat ng supplier at kanilang mga subcontractor sa buong mundo, na naaayon sa aming Code of Business Conduct & Ethics ng Graymont at mga sumusuportang mga patakaran. Hinahangad namin ang mga partnership na nakabatay sa transparency, pakikipagtulungan, inobasyon, at kahusayan.

Hinihikayat namin ang aming mga supplier na gumamit ng katulad na pamamaraan sa loob ng kanilang sistema ng pamamahala ng supply at tukuyin, suriin, at tugunan ang mga panganib ng hindi pagsunod sa kanilang sariling pinalawak na supply chain.

Etika sa Negosyo at Pagsunod sa Batas

Ang mga supplier ay dapat kumilos nang etikal at sumunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

- **Laban sa Korapsyon, Panunuhol at Pandaraya:** Ang mga supplier ay hindi dapat makisangkot o palampasin ang anumang uri ng korapsyon, panunuhol, pangingikil o pandaraya o anumang paglabag sa Code of Business Conduct & Ethics ng Graymont.
- **Mga Salungatan ng Interes:** Dapat iwasan ng mga supplier ang mga sitwasyon kung saan ang mga personal o pang-negosyong interes ay sumasalungat sa kanilang mga responsibilidad sa Graymont. Ang anumang salungatan ay dapat ipagbigay-alam kaagad ng supplier sa kanilang kontak sa Graymont procurement.
- **Anti-Money Laundering:** Ang mga supplier ay dapat sumunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon sa anti-money laundering, at tiyakin na hindi nila pinapahintulutan ang money laundering, pagpopondo sa terorismo, o iba pang kriminal na aktibidad.
- **Patas na Kumpetisyon:** Ang mga supplier ay dapat makipagkumpitensya nang patas alinsunod sa lahat ng naaangkop na batas sa kumpetisyon.
- **Pagsunod sa Batas:** Ang mga supplier ay dapat sumunod sa lahat ng naaangkop na batas, regulasyon at mga kinakailangan sa kontrata, kabilang ang mga may kinalaman sa pagiging kompidensyal, proteksyon ng data at privacy, intelektwal na ari-arian, pagsunod sa internasyonal na kalakalan at kontrol sa pag-export, paglilisensya, mga awtorisasyon at permit.

Karapatang Pantao at mga Pamantayan sa Paggawa

Inaasahan sa mga supplier na igalang ang mga pangunahing karapatan ng lahat ng indibidwal, kabilang ang:

- **Karapatang Pantao:** Ang mga supplier ay dapat igalang ang mga pangunahing karapatang pantao ng bawat empleyado at contractor, na tinatratong lahat nang may dignidad, patas, at paggalang.
- **Pagtatrabaho ng Bata, Sapilitan, at Modernong Pang-aalipin:** Mahigpit na ipinagbabawal ang anumang anyo ng pagtatrabaho ng bata, sapilitang pagtatrabaho, modernong pang-aalipin, o human trafficking. Hindi dapat tumanggap ng empleyado ang mga supplier ng sinumang mas bata sa legal na minimum na edad sa pagtatrabaho sa rehiyon ng operasyon, o pwersahin ang mga indibidwal na magtatrabaho laban sa kanilang kalooban.
- **Bawal ang Diskriminasyon at Pangha-harass:** Hindi katanggap-tanggap ang anumang uri ng diskriminasyon, pangha-harass, o hindi patas na mga kasanayan sa pagtatrabaho. Inaasahan sa mga supplier na isulong ang pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama sa lahat ng aspeto ng kanilang negosyo.
- **Mga Patas na Kasanayan sa Trabaho:** Ang mga supplier ay dapat sumunod sa mga naaangkop na batas tungkol sa sahod, oras ng pagtatrabaho, at mga kondisyon sa trabaho.

- **Kalayaan ng Asosasyon:** Dapat kilalanin ng mga supplier ang mga karapatan ng mga empleyado na malayang makisama, mag-organisa, at magkaunawaan nang sama-sama—o para pigilan ang paggawa nito—nang walang takot sa paghihiganti.
- **Mga Mekanismo ng Reklamo:** Dapat magpanatili ang mga supplier ng mga naa-access at kumpidensyal na paraan para maiparating ang mga reklamo ng mga empleyado at stakeholder, na tinitiyak ang proteksyon laban sa paghihiganti.
- **Mga Karapatan ng Komunidad at Katutubo:** Inaasahan sa mga supplier na makipag-ugnayan nang may paggalang sa mga lokal na komunidad at mga Katutubo, na kinikilala ang kanilang mga karapatan, tradisyon, at kontribusyon.

Kalusugan at Kaligtasan

Ang mga supplier ay dapat magbigay ng ligtas at malusog na lugar ng trabaho at patuloy na pagbutihin ang mga kasanayan sa kalusugan at kaligtasan. Kabilang dito ang:

- Pagpapakita ng matatag na pang-organisasyong pangako sa mga responsableng kasanayan sa kalusugan at kaligtasan.
- Aktibong nagsisikap na maalis ang mga pinsala at karamdaman sa lugar ng trabaho sa pamamagitan ng patuloy na pagpapabuti ng mga proseso, kagamitan, at sistema.
- Tinitiyak ang pagsunod sa pamamagitan ng mga regular na pag-audit, pagsusuri, at transparent na pag-uulat.
- Pagtataguyod ng malayang komunikasyon sa mga usapin sa kaligtasan at mabilis na pagkilos para matugunan ang mga isyu.
- Kapag bumibisita o nagtatrabaho sa mga lokasyon ng Graymont, sumusunod at tinutupad ang mga naaangkop na batas, regulasyon at mga pamantayan sa kalusugan at kaligtasan ng Graymont, pagkumpleto ng pagsasanay sa pagtatalaga sa site, at pag-uulat ng anumang alalahanin sa kaligtasan sa pamamagitan ng naaangkop na mga channel ng Graymont.
- Pagpapalago ng isang kultura ng sikolohikal na kaligtasan, magalang na pag-uugali, at suporta para sa kalusugan ng isip at pangkalahatang kapakanan sa lugar ng trabaho.

Proteksyon sa Kapaligiran

Inaasahan namin ang lahat ng supplier sa kanilang mga operasyon, produkto at serbisyo na bawasan ang epekto sa kapaligiran.

Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Pamamahala, pagsukat, pagpapakaunti at pagbabawas ng epekto sa kapaligiran ng kanilang mga operasyon, kabilang ang transportasyon, sa mga lugar ng emisyon, basura, enerhiya at pagkonsumo ng tubig.
- Pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon o, kung wala nito, mga internasyonal na pamantayan.

Hinihikayat ang mga supplier na magsagawa at magpatibay ng mga kasanayan na nagtataguyod ng responsable at sustainable na paggamit ng mga renewable resource sa lahat ng kanilang mga operasyon at supply network.

Pamamahala ng Supply Chain

Dapat ding epektibong pamahalaan ng mga supplier ang kanilang mga operasyon sa pamamagitan ng dokumentadong plano para sa pagpapatuloy ng negosyo at pagbangon mula sa sakuna para mabawasan ang epekto ng mga pagkaantala ng operasyon.

Pagpapatupad, Mga Inspeksyon at Aksyong Pagwawasto

Hinihikayat ang mga supplier na magtatag ng mga proseso na tinitiyak ang pagsunod sa Code of Conduct ng Supplier na ito. May karapatan ang Graymont na humiling ng impormasyon, datos, at i-audit ang mga supplier, kanilang mga operasyon, at mga pasilidad na may makatuwirang abiso.

Kung may mga hamon sa pagsunod, dapat ipaalam ng mga supplier sa kanilang kontak sa Graymont procurement at makipagtulungan sa isang plano ng pagwawasto.

May karapatan ang Graymont na suspindihin o tapusin ang negosyo sa mga supplier na hindi aktibong kumikilos para makagawa ng mga mabisang solusyon at nabigong sumunod sa Code of Conduct ng Supplier na ito.

Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon sa Code of Conduct ng Supplier na ito, tingnan ang website ng Graymont www.graymont.com. Bilang alternatibo, maaaring makakuha ang mga supplier ng karagdagang impormasyon mula sa kanilang kontak sa Graymont procurement.